# Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Diyos Yugto 58
# Lubusing gawin upang Panatilihin ang iyong Pangalan sa Aklat ng Buhay

Bilang ating natalakay kumakailan na mula sa panahon na tayo'y naligtas sa pamamagitan ng dugo ni Jesus tayo ay tinatakan ng Banal na Espiritu at ang ating mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay. Ang Bibilya ay nagsasabi tungkol sa Aklat ng Buhay na nang tayo'y naligtas ang ating mga pangalan ay nakasulat doon. Gayundin, ang Bibliya ay nagsasabi na kapag ang mga tao'y nagkasala at patuloy sa kanilang mga paraan ng kasalanan ang kanilang pangalan ay mapapawi mula sa aklat ng buhay. Ating basahin ngayon ang Banal na Kasulatan na nagsasabi tungkol sa mga pangalan na nakasulat sa aklat ng buhay at mga pangalan ay pinawi.

"4 At sila'y nangagsisamba sa dragon, sapagka't ibinigay niya ang kaniyang kapamahalaan sa hayop; at nangagsisamba sa hayop, na nangagsasabi, Sino ang kagaya ng hayop? at sinong makababaka sa kaniya? 8 At ang lahat ng nangananahan sa lupa ay magsisisamba sa kaniya, na ang kanikaniyang pangalan ay hindi nasusulat sa aklat ng buhay ng Cordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan." (Pahayag 13:4,8) Sa mga sumamba sa halimaw, sa dragon, ang diablo, ang kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng Tupa ng Diyos. Silang mga nalinlang ng halimaw , ang diablo ang kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay, "8 At ang hayop na nakita mo ay naging siya, at wala na; at malapit ng umahon sa kalaliman, at patungo sa kapahamakan. At silang mga nananahan sa lupa ay manggigilalas na ang kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay mula nang itatag ang sanglibutan, pagkakita nila sa hayop, kung paano naging siya at wala na, at darating." (Pahayag 17:8)

"12 At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo sa harapan ng luklukan; at nangabuksan ang mga aklat: at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay: at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa. 15 At kung ang sinoman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay, ay ibinulid sa dagatdagatang apoy." (Pahayag 20:12, 15) Sa araw ng Paghuhukom habang nasa harap ng trono ng Diyos ang mga pangalan na hindi nakasulat sa aklat ng buhay sila'y itatapon sa lawa ng apoy.

Ang mga nabubuhay sa kasalanan at karumihan, sa kasinungalingan, panloloko, pandaraya, sa immoralidad, paggawa ng pangkukulam, atibp, ang kanilang pangalan ay mapapawi mula sa aklat ng buhay at sila'y hindi makakapasok sa banal na lungsod, ang Makalangit na Jerusalem na inihanda ni Jesus para sa atin, "27 At hindi papasok doon sa anomang paraan ang anomang bagay na karumaldumal, o siyang gumagawa ng kasuklamsuklam at ng kasinungalingan: kundi yaon lamang na mga nakasulat sa aklat ng buhay ng Cordero." (Pahayag 21:27)

"At kung ang sinoman ay magalis sa mga salita ng aklat ng hulang ito, ay aalisin ng Dios ang kaniyang bahagi sa punong kahoy ng buhay, at sa bayang banal, na nangakasulat sa aklat na ito."(Pahayag 22:19) Ang mga nag-aalis ng Kasulatan sa Bibliya at itinapon ang mga ito at hindi tinupad ang mga ito ang kanilang pangalan ay mapapawi mula sa aklat ng buhay.

Tayo ay mapapatuloy sa pangyayaring ito sa Bibliya na nagsasabi sa atin sa ilalim ng pangyayari at kondisyon na papawiin ng Diyos mula sa Aklat ng Buhay ang pangalan ng mga tao na patuloy na nabigong sumunod sa Kanya.

Ating pinagusapan dati:

1. Sa pananagutan sa gintong guya:
2. Sa pagsasalaysay ni Moses sa mga Israelita:
3. Sa pagkilala ni Simon, ang manggagaway
4. Sa mensahe ng Diyos sa simbahan sa Sardis: "1 At sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay. 2 Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios. 3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo. 4 Nguni't mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang

mga damit: at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat. 5 Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel. 6Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." (Pahayag 3:1-6)

Ang mensahe ng Panginoon sa simbahan sa Sardis malinaw na sinalita kung paanong kailangang pagsikapang ang ating kaligtasan ng may takot at panginginig. "12 Kaya nga, mga minamahal ko, kung paano ang inyong laging pagsunod, na hindi lamang sa harapan ko, kundi bagkus pa ngayong ako'y wala, ay lubusin ninyo ang gawain ng inyong sariling pagkaligtas na may takot at panginginig; " (Filipos 2:12) Sinasabi ni Pablo sa kanila na pagsikapang gawin ang kanilang kaligatsan, at yaon ay nangangahulugang panatilihin at palakasin ang kung anong kanilang natanggap na- ang kaloob ng kaligtasan sa pamamagitan ni JesuCristo, ang kanilang natanggap mula sa Diyos sa mateyal na mga bagay. Sa parehong paraan atin ng natanggap at narinig ang katuruan ng Panginoon at tayo ay may pananagutan upang tugunan at isagawa o pagsikapan ang mga bagay ayon sa kalooban at plano ng Diyos na itinalaga Niya sa atin.

Balikan ang aklat ng Pahayag sa simbahan ng Sardis, ang buong tanda ng pagdating ng paghatol ng Diyos sa Kanyang simbahan ay ang sumusunod na pahayag sa bersekulo 2: "sapagkat wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios." Ang Panginoon ay hindi nakita ang mga gawang sakdal ng mga Kristiyanong Sardis. Bilang isang simbahan at katawan ni Cristo na narinig nila at tinanggap ang tagubilin mula sa Panginoon; kanilang sinimulang gawin ngunit hindi ganap at hindi perpekto ang paggawa habang kinakailangan ng Panginoon.

Ang makaDiyos na katangian ay isang malaking kalamangan upang maging produktibo at epektibo. Sa kabaligtaran ang sumusunod na katangian ng paguugali ay nagdudulot sa atin ng hindi kompletong gawain at ganap na gawain na kinakailangan ng Diyos at kaya't nagdadala sa atin na hatol at yaon ay magaganap sa simbahan ng Sardis na sa huli sila'y tinawag na patay na simbahan:

1. Katamaran: Ang paguugaling mabilis nagaapoy apoy ngunit hinayaan nitong mamatay na ay ang katulad ng katamaran. "1 At sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay." (Pahayag 3:1) Sa Kawikaan 18:9 ito'y nagsasabi, "9 Siya mang walang bahala sa kaniyang gawain ay kapatid siya ng maninira." (Kawikaan 18:9) Ang mga taong tamad ay nagdudulot ng maraming pagaaksaya. Walang kagustuhang magtiis upang magtiyaga at magtiis sa mga kaguluhan ay isang pang tanda ng katamaran na sa huli ay nagkakagawa sa ating isantabi ang gawain ng Diyos na ipinagkatiwala Niya sa atin.

2. Hindi pagkakatugma: Maaring tayo'y masigla at masigasig ngayon at bukas, ngunit sa pangatlong araw o sa huli ating isansantabi ang ipinagkatiwala sa atin na gawin. Sinisimulan natin ang ilang bagay ngunit sa huli gumagawa tayo ng ibang bagay at ang resulta ay hindi ganap na gawain.

3. Walang kagustuhang tumugon sa pagtutuwid: Sinabi ng Panginoon sa Sardis: "2 Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios." (Pahayag 3:2) Parang hindi iyon ang unang pagkakataon na ang Panginoon ay binalaan ang simbahan tungkol sa kanilang pagkakuntento at di kasakdalan, ngunit pinaka malamang wala silang kahandaang tumugon. Hahatulan ng Panginoon ang anumang estilo ng pagaatubili upang patuloy na tapusin ang gawain ng Diyos.

Ating kunin ang mensahe upang turuan at gabayan tayo sa ating mga buhay na ganapin ang gawain na ipinagkatiwala ng Panginoon sa atin, sa Kanyang mga lingkod at sa Kanyang simbahan. Ating iwasan ang alisin ang mga paguugali at katangiang kaugalian na nakagawa sa ating mga gawa at paglilingkod ng hindi lubos at walang kaganapan sa paningin ng Diyos.

A. Maging mapagbantay: Nais ng Diyos sayo na gumising at simulang tingnan ang iyong buhay at makita ang maling mga bagay at ituwid ang mga ito. "14 Kaya sinasabi niya, Gumising kang natutulog, at magbangon ka sa gitna ng mga patay, at liliwanagan ka ni Cristo." (Epeso 5:14) Ngayon ay ang panahon para sayo upang magising at pagtantuhin kung bakit ang iyong paninindigan ay hindi tama sa Diyos. Ito ay ang panahon para sayo upang ituwid ang mga bagay at simulang lumakad ng tapat sa ating Panginoon at Panginoong JesuCristo.

B. Palakasin ang mga bagay na nanatili, na handang mamatay: sapagkat walang akong nakita gawa mo na sakdal sa harapan ng Diyos: Dito ang Panginoon ay binigyan ka ng isa pang pagkakataon upang ituwid ang iyong sarili, bago Siya dumating, kaya't ngayong ikaw ay may pagasa at bagong pagkakataon na gamitin ang natitirang panahon at pinagkukunan upang kamitin ang mga bagay para sa kaluwalhatian ng Diyos bilang inaasahan Niya sayo.

C. Alalahanin sa gayon kung paanong tinanggap at narinig: Tayo ay umupo kasama ng Panginoon at alalahanin ang mga bagay na ating natanggap mula sa Kanya. Ating isipin ang tungkol sa hiniling sa atin ng Diyos upang gawin para sa Kanya. Upang umupo kasama ng Panginoon ay magbigay panahon sa Kanya upang salitain sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Salita at Kanyang Espiritu, upang buksan ang ating mga puso sa Kanya sa pagtugon at hayaan Siyang ganap na kontrolin tayo at ang ating kalagayan. Magtabi tayo ng isang aklat-talaan ng mga bagay na ang Panginoon ay sinasabi sa atin upang hindi natin makalimutan at sisikapin nating gawin ang eksakto bilang sinabi Niya sa atin.

D. Hawakan ng matatag: ibig sabihin ay sundin ito at ilagay sa pagsasalapat ng iyong narinig at sinabing gawin mula sa Salita ng Diyos. "21 Kaya't ihiwalay ninyo ang lahat na karumihan at ang pagapaw ng kasamaan, at tanggapin ninyo na may kaamuan ang salitang itinanim, na makapagliligtas ng inyong mga kaluluwa. 22 Datapuwa't maging tagatupad kayo ng salita, at huwag tagapakinig lamang, na inyong dinadaya ang inyong sarili. 23 Sapagka't kung ang sinoman ay tagapakinig ng salita at hindi tagatupad, ay katulad siya ng isang tao na tinitingnan ang kaniyang talagang mukha sa salamin: 24 Sapagka't minamasdan niya ang kaniyang sarili, at siya'y umaalis at pagdaka'y kaniyang nalilimutan kung ano siya. 25 Nguni't ang nagsisiyasat ng sakdal na kautusan, ang kautusan ng kalayaan, at nananatiling gayon, na hindi tagapakinig na lumilimot, kundi tagatupad na gumagawa, ay pagpapalain ang taong ito sa kaniyang ginagawa." (Santiago 1:21-25) Upang hanapin sa Salita ng Diyos, ang perpektong batas ng kalayaan at gawin ang mga ito, iyong ginagawang perpekto ang iyong mga paraan sa harapan ng Diyos habang ikaw ay nakikinig at ginawa ang Kanyang Salita.

E. At magsisi: upang magsisi ay paghinto sa pagkakasala( tigilan ang pagsasabi ng kasinungalingan, immoralidad, pakikipagaway, pagnanakaw atbp) upang ikaw ay mamunga at ganapin ang gawain para sa Kaharian ng Diyos. "8 Kayo nga'y mangagbunga ng karapatdapat sa pagsisisi:" (Mateo 3:8) Ngayon umupo sa Diyos at maging masigasig na tingnan kung paanong ang mga kasalanan ay nakakahadlang sayo mula sa paggawa at ganapin ang gawain ng Diyos.

Si Apostol Pablo ay sumulat din sa simbahan ng mga taga Colosas sa kautusang ito: "17At sabihin ninyo kay Arquipo, Ingatan mong tuparin ang ministerio na tinanggap mo sa Panginoon." (Colosas 4:17) Ang mensahe ng Panginoon sa pamamagitan ni Pablo ay malinaw na si Arquipo ay kailangan ganapin ang gawaing ipinagkatiwala sa kanya. Sinabi ni Pablo sa simbahan sa taga Colosas na salitain kay Arquipo na magingat, at bigyang babala siya at sa sabihin sa kanya ang kanyang natanggap ay mula sa salita sa Panginoon., mula sa mga tagubilin, Salita ng Diyos, minisiterio, at mga kaloob na mga espirituwal at kailangang ganapin , tuparin at gawing perpekto ang kanyang ministerio. Gayundin ang mensaheng ito ay para sayo ngayon upang ganapin kung anong sinimulan sayo at huwag isantabi. Ngayom ay Diyos at muli ay tinatawag ka upang ganapin ang gawain.

Ganon din bilang isang simbahan ay dapat kunin ang batas at salitain sa mga tao kagaya ni Arquipo at udyukan silang kumpletuhin at ganapin ang ministerio at paglilingkod sa Diyos na ipinagkatiwala sa atin.

Kailangan mong malampasan at tayo bilang simbahan kailangan nating malampasan at magtiyaga sa paglilingkod sa Diyos at ganapin ang ating gawain, upang ang ating pangalan ay hindi mapawi mula sa aklat ng buhay. "5Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang

kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel." (Pahayag 3:5)

Si Pablo din ay nakipagtalo sa mga Kristiyano sa Corinto upang ganapin ang kanilang paglilingkod sa Panginoon. Samakatuwid ipinadala ni Pablo si Titus sa simbahan ng Corinto upang ganapin ang trabaho na sinimulang niyang kolektahin mula sa kanila upang suportahan ang nangangailangan para sa mga banal. "6Ano pa't namanhik kami kay Tito, na yamang siya'y nagpasimula nang una, ay siya na rin ang gumanap sa inyo ng biyayang ito." (2 Corinto 8:6) Sinimulan ni Titus ang ministeriong ito sa kanyang sariling pagsisikap at kagustuhang maglingkod. Pinayuhan din ni Pablo ang mga Taga Corinto sa pamamagitan ng kanyang sulat sa pakikipagkaisa ni Titus at at maging mahusay sa pagbibigay ng makatarungan habang sila'y humuhusay sa pananampalataya, sa pagsasalita, at kaalaman, at ganap na taimtim at sa pagibig."7 Datapuwa't yamang kayo'y nagsisisagana sa lahat ng mga bagay, sa pananampalataya, at pananalita, at kaalaman, at sa buong kasipagan, at sa inyong pagibig sa amin ay magsisagana naman kayo sa biyayang ito." (2 Corinto 8:7) Nais ng Diyos sa atin na magsisagana at dalhin ang kaganapan saan man simulang natin gawin para sa Kanya. Sa kadahilanang ito kailangan nating palawakin at pasaganain ang lahat at lalo na sa sumusunod na mga espirituwal na mga katangian:

1. Pagbibigay: pagbibigay ng iyong buhay, ng iyong panahon, ng iyong mga materyal na mga bagay, ang iyong espirituwal na mga kaloob at anumang mayroon ka at natanggap sa Panginoon.
2. Pananampalataya: Pananampalataya sa Diyos na tutuparin ng ipinangako Niya sa atin.
3. Pagbigkas: Upang patuloy na salitain at ipahayag ang Salita ng Diyos sa mga taong nakapaligid sa atin at sa mga bagong lugar na pinapangunahan tayo ng Diyos.
4. Kaalaman: Upang hanapin sa Salita ng Diyos kung ano nais nating malaman at gawin para sa kanya at maging alisto sa kalooban ng Diyos.
5. Kasipagan: Upang maging aktibo sa paglilingkod at malayo sa katamaran, hindi pagkakatugma at pagpapaliban.
6. Pagibig: upang handang magbigay, magpatawad, magsakripisyo, at tanggapin ng masaya sa anong ipinapanguna sa atin ng Diyos at hinihiling sa atin gawin para sa Kanya.

Tinapos ni Pablo ang kautusang ito at pinayuhan ang bayan ng Diyos at pinilit sila, at pinipilit tayo ngayon upang kumpletuhin ang gawain na itinawag sa atin upang gawin, "10 At sa ganito'y ibinibigay ko ang aking pasiya: sapagka't ito'y nararapat sa inyo, na naunang nangagpasimula na may isang taon na, hindi lamang sa paggawa, kundi naman sa pagnanais. 11 Datapuwa't ngayo'y tapusin din naman ninyo ang paggawa; upang kung paanong nagkaroon ng sikap ng pagnanais, ay gayon din namang magkaroon ng pagkatapos ayon sa inyong kaya." (2 Corinto 8:10-12) Sa parehong paraan ikaw din ngayon ang mensahe ay para sayo mula sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang simbahan, na iyong sinimulan ang mabuting paggawa na kailangang mong kumpletuhin ito, habang sa iyong isip ay handa kang kumpletuhin ang gawain at ikaw ay may kahandaan sa gayon ang Panginoon ay tutulungan sa paggawa niyaon.

Kailangan mong malampasan at tayo bilang isang simbahan kailangan nating mapagtagumpayan upang ang ating pangalan ay hindi mapawi sa aklat ng buhay, "5 Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel." (Pahayag 3:5)

Sa aking mahal at minamahal: Ang mensahe ng Diyos sa tatlong simbahang ito, sa Sardis, Corinto at Colosas ay tungkol sa paglilingkod at ministerio. Ang mga mananampalataya na tumanggap ng maraming mbubuting bagay mula sa Panginoon, kaligtasan sa lahat, ang Banal na Espiritu, ang mga kaloob na mga espirituwal, at ang kaloob ng pananalangin, ang Salita ng Diyos, ang nakasulat na Salita sa Bibliya at ang lahat ng mga pangako ng Diyos, ang materyal na mga bagay at pinagkukunan ng Diyos, sila"y may pananagutan sa harapan ng Diyos na pumunta at gawin ang gawain ng Diyos at tapusin ang nakatalagang trabaho na itinalaga Niya para sa atin.

Ang Diyos sa Kanyang Salita ginawa maunawaan ang nga bagay na malinaw upang kapag tayo'y nagbasa ng Bibliya malalaman natin ang mga layunin na maiilapat natin sa ating mga buhay, ang katotohanan mula sa Salita ng Diyos isagawa natin ang ating kaligtasan sa pagsasalapat sa narinig natin mula sa Salita ng Diyos. Tayo ay

gumising, magsisisi sa ating mga kasalanan at maging masigasig na ilagay sa pagsasalapat ang ating natutunan upang tapusin ang gawain na ipinagkatiwala sa atin. Ang isang mananampalataya at isang sinanay na manggagawa na huminto sa paglilingkod sa Diyos, ang Kanyang pangalan ay papawiin mula sa aklat ng buhay kung siya ay hindi magsisisi mula doon.

Hangga't ating nalalaman ang Salita ng katotohanan ating ilapat ang mga ito sa ating buhay at sa buhay ng ating mga anak at mga alagad upang ang Diyos ay pawiin ang ating pangalan sa aklat ng Buhay. "29 Ang mga bagay na lihim ay nauukol sa Panginoon nating Dios: nguni't ang mga bagay na hayag ay nauukol sa atin at sa ating mga anak magpakailan man, upang ating magawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito." (Deutronomio 29:29)

Ngayon lubusing gawin upang panatilin ang iyong pangalan sa aklat ng buhay sa pagtitiwala sa iyong sarili upang magpatuloy na maglingkod sa Diyos, magpatuloy na magebanghelyo at gumawa ng bagong mga alagad, at gawin ang anumang kayang gawin ng iyong kamay para sa Panginoon upang paglingkuram Siya, at upang tapusin , at kumpletuhin at ganapin ang kasalukuyang na gawain na mayroon ka mula sa Panginoon.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sayong Salita na ipinakita sa akin ng malinaw ang aking mga kasalanan at ano ang kailangan kong gawin upang magsisi at simulang gawin ang iyong kalooban.

Ipahayag ang iyong mga kasalanan at talikdan ang mga ito. Panginoon aking ipinapahayag at tinatalikdan ang sumusunod na mga kasalanan. Panginoon aking tinatalikdan ang sumusunod na laman at makamundong pagnanasa. Panginoon aking tinatalikdan ang paggawa ng sarili kong kalooban.

Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili sa mga layunin na aking natutunan mula sa mensaheng ito. Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili sa gawain na ipinagkatiwala mo sa akin upang gawin. Panginoon ipinapangko ko ang aking sarili na pumunta at magebanghelyo abutin ang bagong lugar at gumawa ng bagong alagad.

Panginoon, ako'y nananalangin para sa amin bilang isang simbahan; aming ipinapangako ang aming mga sarili upang lumakad sa iyong Salita at magpatuloy upang tapusin ang iyong gawain at ipatupad ang iyong kalooban sa aming buhay at sa buhay ng iyong simbahan at sa ministerio na ipinagkatiwala mo sa amin. Panginoon pusposin kami muli ng Banal na Espiritu af paging dapatin mo kami makapagebanghelyo at abutin ang bagong bayan ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng Salita ng Diyos.

Panginoon, kami'y nananalangin paging dapatin mo kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya para sa simbahan at abutin ang bagong bayan at bagong mga lugar. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain , sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami mula sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen

Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Diyos Yugto 58. Lubusing gawin ang iyong sariling Kaligtasan. Pahayag 13: 4,8. Pahayag 17:8. Pahayag 20:12, 15. Pahayag 21: 27, Pahayag 22:19. Pahayag 3:1-6. Filipos 2:12. Kawikaan 18:9. Epeso 5:14. Santiago 1:21-25. Mateo 3:8. Colosas 4:17. 2 Corinto 8:6-7, 10-12.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.